

Sipilis

Ang dapat mong malaman

Ang sipilis ay isang sexually transmitted disease (STD) na sanhi ng bacteria.



Kumakalat ito sa pamamagitan ng oral, vaginal o anal sex. Ang sinumang nakikipagtalik sa isang taong may sipilis ay maaaring makakuha nito.



Maaaring maipasa ito ng isang buntis na may sipilis sa kanyang sanggol.



Nangyayari ang isang paglaganap ng sipilis sa Pierce County at sa Estados Unidos.

Noong 2020, nagkaroon ng 277 kaso ng sipilis sa Pierce County. Noong 2021, nagkaroon ito ng 554 na kaso.

Parami nang parami ang mga sanggol na ipinanganak na may sipilis bawat taon.



Ang pagsusuri ng dugo mula sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay ang tanging paraan upang malaman kung mayroon kang sipilis.



Ang tamang gamot mula sa isang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay ang makakapagpagaling ng sipilis.

Kung magpapagamot ka para sa sipilis, lahat ng iyong mga katalik ay dapat ding magpagamot nang sabay.



Sundin ang mga tagubilin kung gaano katagal hindi maaaring makipagtalik pagkatapos ng paggamot.



Kung nagpagamot ka para sa sipilis at nawala ito, maaari mo itong makuhang muli kung nakikipagtalik ka sa isang taong may sipilis.

Walang napapansin ang maraming tao na may sipilis na mga sintomas.

Maaaring mapansin ng ilan ang:



- Namamagang mga lymph node.
- Lagnat.
- Pananakit ng kalamnan o kasukasuan.
- Mga pagbabago sa paningin o pandinig.

- Pagkalagas ng buhok, pantal, bukas na sugat o parang kulugo na bukol sa ari. Mawawala nang kusa, kahit walang paggamot.

Kung hindi gamutin, ang sipilis ay maaaring magdulot ng malubhang problema sa kalusugan, maging kamatayan.



May mga katanungan? Gusto ng karagdagang impormasyon?

Makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung wala ka pa, tumawag sa Sexual Health Clinic ng Kagawaran ng Kalusugan ng Tacoma-Pierce County sa (253) 649-1418. Alamin ang higit pa tungkol sa sipilis at iba pang mga STD sa [cdc.gov/std](https://www.cdc.gov/std/).